

Tanggapan ng mga Tagapamagitan para sa Edukasyon ng Gobernador: Pagpaplano ng Pagbabalik-eskwela para sa Malayuang Pag-aaral

Ginawa ang listahang ito para sama-samang makapagplano ang mga pamilya at team ng paaralan. Hindi pa kumpleto at nakahanda ang mga bagay na ito sa tahanan ng karamihan ng mga pamilya, ngunit handa na dapat ang mga paaralan na ibahagi ang ilan sa mga bagay na ito at mayroon dapat ang mga ito ng mga ideya para sa iba pang masasanggurian sa komunidad.

TAPOS NA	Mga Pangunahing Kailangan	MGA TALA
	Ligtas na Lugar para sa Pag-aaral	
	Komportableng mapupwestuhan	
	Mesa	
	Wala masyadong abala	
	Mga pagkain sa araw ng pag-aaral: Almusal, tanghalian, at meryenda	
TAPOS NA	Suporta ng Nakakatanda	MGA TALA
	lhanda at bantayan ang mga pagkain habang nag-aaral	Mangangailangan ang mga estudyante ng iba't ibang laki ng suporta, at iba't iba rin ang laki ng suporta na maibibigay ng mga pamilya. Ano-anong suporta ang puwedeng ibigay nang malayuan ng mga guro at paaralan? Kailan kailangan ng personal na suporta ng nakakatanda? Kailan at saan makakakuha nito? <i>Paano bubuuin ang iskedyul ng paaralan para umayon sa mga mapagkukunan at pangangailangan ng pamilya?</i>
	Ituloy ang iskedyul kada araw (simulan ang mga klase, gumawa ng sariling takdang gawain)	
	lhanda ang device (tablet, computer, mga app)	
	Suporta sa live na malayuang pagtuturo, kung kinakailangan	
	Suporta habang gumagawa ng sariling takdang gawain	
	Pagsasanay para sa mga nakakatanda kung paano magbigay ng suporta sa pag-aaral at pag-uugali sa malayuang pag-aaral	
TAPOS NA	Mga Device sa Pag-aaral at Koneksyon sa Internet	MGA TALA
	Isang device para sa bawat estudyante	Kung walang device o maayos na internet ang estudyante, mag-isip ng ibang paraan para regular na magawang makipag-ugnayan at magbigay ng mga materyal sa pag-aaral, halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, pagbisita nang nakadistansya sa kapwa, pagkuha at paghahatid ng mga materyal, o pagpapadala sa pamamagitan ng koreo. Maaari ding makapagbigay ang ilang distrito ng mga personal na serbisyo kung ligtas itong gawin para sa pamilya, estudyante, at mga kawani.
	Mikropono (para sa pagsasalita) at speakers/headset (para sa pakikinig)	
	Camera (para makasali sa mga klaseng gumagamit ng video)	
	Keyboard, mouse, at iba pang pantulong na kagamitan	
	Mabilis na koneksyon sa internet	
	Mga app at program sa pag-aaral na inilalagay sa device	
	Pag-set up ng mga account at password	
	Pagsasanay para sa estudyante at pamilya kung paano gamitin ang bawat program	
	Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng teknikal na suporta para sa paaralan o distrito	
TAPOS NA	Iba Pang Gamit sa Pag-aaral	MGA TALA
	Ball pen, lapis, papel	
	Printer at mga ink cartridge (kung kinakailangang mag-print)	

	Mga art supply	
	Mga gamit para sa science project	
	Lugar para sa mga aktibidad at kagamitan sa Physical Education (PE)	
TAPOS NA	Plano para sa Suporta para sa Indibidwal at Espesyal na Suporta	MGA TALA
	Magplano at magpulong para i-update ang IEP o Plano ayon sa Seksyon 504	Magplano nang maaga kung nakakatanggap ang iyong anak ng mga suporta para sa: special education; iniangkop na tulong para sa indibidwal; nag-aaral ng Ingles; karagdagang tulong sa pagbasa, pagsulat, matematika, o pag-uugali; kawalan ng tirahan; at/o foster care. Maaari kang makapagsama ng pagbibigay ng mga personal na suporta sa plano kung ligtas itong gawin para sa iyo, iyong estudyante, at mga kawani ng paaralan.
	Magplano para sa paghahatid ng mga materyal para sa Nag-aaral ng Wikang Ingles (ELL)	
	Magplano para sa paghahatid ng mga suporta ng Programa ng Tulong sa Pag-aaral (LAP) (suporta ng indibidwal o maliit na grupo para sa pag-aaral at/o pag-uugali)	
	Magplano para sa iba pang espesyal na suporta at suporta para sa indibidwal	
TAPOS NA	Plano para sa Pakikipag-ugnayan	MGA TALA
	Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa punong-guro, counselor ng paaralan, at iba pang mahalagang tao	
	Magplano para sa regular na pangungumusta	
	Kumustahan ng guro at estudyante	
	Kumustahan ng guro at magulang/tagapag-alaga	
	Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa matatawagang tagasalin at kawani na nagsasalita ng dalawang wika, kung kinakailangan	
	Magplano para sa pagbibigay ng paaralan ng nakasaling impormasyon (kabilang ang mga email, text, tagubilin para sa gawain sa paaralan), kung kinakailangan	
TAPOS NA	Iskedyul Kada Araw at Linggo	MGA TALA
	Nakikitang iskedyul na ipapaskil sa pader o ref	
	Online na iskedyul (na ilalagay sa kalendaryo at magtatakda ng mga paalala)	
	Magplano para sa mga espesyal na suporta, gaya ng special education, mga serbisyo para sa Nag-aaral ng Ingles, atbp.	
TAPOS NA	Mga Pampaengganyo at Panggantimpala para sa Pag-aaral	MGA TALA
	Mga personal na koneksyon/ugnayan	
	Mga plano para sa pagbuo ng koneksyon sa pagitan ng guro at estudyante	
	Mga oportunidad para sa pagkakaroon ng ugnayan sa mga kasamahan	
	Mga nakakaengganyo at makabuluhang leksyon at aktibidad	
	Mga opsyon para sa mga paboritong aktibidad o gantimpala para sa natapos na gawain	

TAPOS NA	Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip para sa Estudyante at Pamilya	MGA TALA
	Mga aktibidad para suportahan ang kalusugan ng pag-iisip at pangangatawan	Mula sa website ng Washington State Coronavirus Response: Kung nakakaranas ka ng labis na stress dahil sa COVID-19, tumawag sa 833-681-0211 para sa suporta at sanggunian. Bumisita sa webpage ng Washington State Coronavirus Response na naglalaman ng mga sanggunian para sa kalusugan ng pag-iisip at damdamin: https://coronavirus.wa.gov/information-for/you-and-your-family/mental-and-emotional-well-being
	Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga kasalukuyang tagapagbigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip	
	Hanapin ang mga numero ng telepono ng Crisis Line para sa Kalusugan ng Pag-iisip ng bawat county: https://www.hca.wa.gov/health-care-services-supports/behavioral-health-recovery/mental-health-crisis-lines	
	Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa counselor ng paaralan at mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip ng paaralan	
	Anumang tool para sa social-emotional learning na maibibigay ng paaralan o distrito	

Opisina ng Gobernador ng Washington State ng



Kami ay nakikinig. Iinapaalam namin. Tumutulong kami para malutas ang mga problema.

Sa Telepono: 1-866-297-2597

Online: www.oeo.wa.gov